

One Point Advice: Paghahanda para sa Lindol Tokai

PAMAMARAAN NG PAGLIKAS MULA SA LOOB NG BAHAY O GUSALI

東海地震に備えて（ワンポイント/アドバイス）～建物からの脱出方法～

Sa mga pagkakataong makulong tayo sa loob ng gusali, bahay, paaralan at iba pa.

Matapos ang malakas na pagyanig, ang isa sa unang maaaring makabahala sa atin ay ang ligtas na lugar na maaaring pagkublihan. Kailangang pag-isipan natin agad ang mga ligtas na lugar na maaaring nating gamitin upang makalabas kaagad kung sakaling tayo ay nasa loob ng ating bahay, mansion, o kung saan mang gusali at iba pa.

Kung sa lakas ng pagyanig ng lindol ay hindi mabuksan ang ating mga pintuan, Alamin agad ang iba pang alternative na pwedeng gamitin sa pagtakas palabas tulad ng bintana, veranda, emergency exit o iba pang route papalabas ng gusali. Kung matibay ang glass ng bintana (metal o chemical treating glass) ay mahihirapan kayong basagin ito. Mainam na subukan n'yo ring basagin ito sa pamamagitan ng matibay na bagay tulad ng silya o fire extinguisher. Kung gagawin n'yo ito, alamin n'yo rin kung walang matatamaang tao sa labas ng bahay at kailangang palaging pasigaw n'yong ipaalam sa paligid ang gagawin ninyong aksiyon.

Kung kayo naman ay nakatira sa mansion, maaari ninyo ring sirain ang partition board ng inyong katabing kuwarto. Pwede ring kayong tumakas papalabas sa pamamagitan ng veranda. Magagamit rin ninyo ang naka-set na evacuation ladder sa mga veranda. Kung gagawin ninyo ito, kailangang tawagan-pansin rin ninyo ang taong nakatira sa ibaba ng inyong mansion. Kung wala namang emergency ladder ay pwede ring gamitin ang rope o tali. Itali ninyo ito sa rail ng veranda o poste at dahan-dahang bumaba. Kung mahirap bumitin hanggang sa pinakaibaba, maaaring kahit sa unang palapag ng mansion ay bumaba, mula doon ay tumakas palabas ng gusali.

Gawan ang pagitan ng tali ng mga buhol upang hindi maging madulas ang tali. Kung walang tali, maaari ninyo ring gamitin ang mga sheets o cord. Kung kulang pa ang haba nito ay pagkabit-kabitan na lamang ninyo ang mga sheets o cords.

Mangyaring piliin din ang inyong pagbabagsakan. Huwag sa mga concrete na mga lugar kundi sa mga lupa o mga tanim kayo bumaba.